**ARALING PANLIPUNAN 5**
IKATLONG MARKAHANG PAGSUSULIT

NAME: ____________________________________________________ DATE: ____________________________________________
GRADE & SECTION: __________________________________________ SCORE:______________________________

**Panuto:** Basahin ang mga pangungusap at isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

_____1. Anong tawag sa sapilitang pagpapatira sa mga katutubo mula sa orihinal nilang tirahan tungo sa bayan na tinatawag nilang pueblo?
A. Enconmienda C. Sapilitang paggawa
B. Reduccion D. Tributo

_____2. Sino ang kinatawan ng hari ng Spain at pinakamataas na pinuno ng pamahalaang sentral na nakatalaga sa Pilipinas?
A. Gobernador heneral C. Royal Audencia
B. Principalia D. Viceroy

_____3. Anong uri ng tirahan na malaki at matibay na ipinakilala ng mga Espanyo lna kalimitang may una at pangalawang palapag?
A. Bahay na bato C. Bahay na bakal
B. Bahay kubo D. Bahay na tisa

_____4. Ano ang pinakamaliit na yunit ng pamahalaang lokal na pinamumunuan ng *cabeza de barangay*?
A. Pamahalaang barangay C. Pamahalaang panlalawigan
B. Pamahalaang panglungsod D. Pamahalaang panlungsod

_____5. Sino ang katas-taasang hukuman ng Pilipinas noong panahong kolonyal?
A. Alcalde Mayor C. Enconmiendero
B. Corregidor D. Royal Audencia

_____6. Ano ang tawag sa mga Espanyol na isinilang sa Pilipinas?
A. Insulares C. Principalia
B. Inquilino D. Peninsulares

_____7.Siya ang pangunahing tauhan sa nobela ni Jose Rizal na *Noli Me tangere* na sumasagisag sa huwarang kababaihang Filipino sa panahon ng Espanyol?
A. Maria Makiling C. Melchora Aquino
B. Maria Clara D. Maria Magdalena

_____8. Sila ang mga inapo ng mga datu at maharlika, mayayamang hacendero, o may-arai ng lupa at mga pinuno ng pamahalaang lokal?
A. Insulares C. Principalia
B. Inquilino D. Peninsulares

_____9. Sa pagtitibay ng batas na ito ni Reyna Isabel II ay nagkaroon ng pagkakataon ang mga kababaihan na makapag-aral. Anong tawag sa batas na ito?
A. Education decree of 1863 C. Education decree 1887
B. Education decree of 1888 D. Education decree 1886

_____10. Anong tawag sa awit ng pagpapakasakit, pagkamatay at muling pagkabuhay ni Kristo?
A. Duplo C. Sarsuwela
B. Pabasa D. Senakulo

______11. Ito ang unang aklat pangrelihiyon na nilimbag sa Pilipinas noong 1593.
A. Bibliya C. Koran
B. Doctrina Cristiana D. Senakulo

______12. Anong tawag sa prusisyon na nagsasadula sa pagkatuklas ni Reyna Helena sa tunay na krus ni Hesus?
A. Flores de mayo C. Salubong
B. Panuluyan D. Santacruzan

______13. Anong tawag sa pagsasadula ng mga pangyayari sa pagpapakasakit ni Hesus?

A. Duplo
B. Pabasa
C. Sarsuwela
D. Senakulo

_______14. Siya ang "*ama ng literaturang Ilokano*" at kilala kanyang epikong Biag ni lam- ang?
A. Francisco Baltazar
B. Jose Rizal
C. Juan Dela Cruz
D. Pedro Bukaneg

______15. Ang tawag sa kalakalang panlabas sa pagitan ng pilipinas at Mexico na iniluwas ang mga produkto sakay ng isang barko?
A. Kalakalang Galyon
B. Kalakalang Acapulco
C. Kalakalang barter
D. Real Compania de Filipinas

______16. Anong tawag sa tiket na nagpapahintulot sa kalahok ng kalakalang galyon na magsakay ng kalakal?
A. Boleta
B. Bandala
C. Falla
D. Vinta

_______17. Ito ay pagbubuwis na pambayad sa pamahalaan ng kaukulang salapi o produkto.
A. Bandala
B. Falla
C. Tributo
D. Vinta

_______18. Magkano ang halaga ng isang silid o bodega sa loob ng barko sa panahon ng kalakalang galyon?
A. 180 hangang 200
B. 200 hangang 250
C. 250 hangang 300
D. 300 hangang 400

_______19. Ito ay sapilitang pagbili ng pamahalaan ng ani ng mga magsasaka.
A. Boleta
B. Bandala
C. Falla
D. Vinta

_______20. Isang pamahalaang militar na itinatag ng pamahalaang kolonyal pang matiyak na magiging mapayapa Ang isang teritoryot susunod sa mga patakarang Espanyol ang mga nakatira dito
A. Commandacia
B. Corregimiento
C. Kolonya
D. Resedencia

_______21. Alin sa mga sumusunod ang hindi nabago ng mga Espanyol sa pananakop sa mga Filipino?
A. Kultura
B. Pananamit
C. Tahanan
D. Pananalita

_______22. Saan nakatala ang mahigit 61,000 mapagpipiliang apelyidong Espanyol?
A. Catalogo alfabetico de appelidos
B. Catalogo de afilyidos
C. Catalogo il filidos
D. Catalogo y filyidos

_______23. Sino ang nagtayo ng kauna- unahang paaralang pamparokya?
A. Agustino
B. Dominikano
C. Franciscan
D. Jesuit

_______24. Ano ang naging reaksyon ng mga Filipino sa Kristiyanismo?
A. Madaling natanggap ng Filipino ang Kristiyanismo.
B. Lahat ng Filipino ay tinanggap ang pagiging Kristiyano.
C. Marami sa mga Filipino ang hindi tumanggap ng Kristiyanismo.
D. May mga Filipinong nag-alsa at piniling ipagpatuloy ang nakagisnan paniniwala ang paganismo.

______25.Ito ay mga pangkat ng mga Filipino na hindi nasakop ng kolonyalismong Espanyol.
A. Baluga
B. Bisaya
C. Malay
D. Muslim

______26. Ito ay ang banal na digmaang inilunsad ng mgaMuslim upang ipagtanggol ang kanilang relihiyon at paraan ng Pamumuhay.
A. Jihad
B. Commandacia
C. Moro
D. Vinta

______27. Pangkat ng mga katutubong nanirahan sa mga kabundukan ng Cordillera?
A. Cebuano
B. Igorot
C. Muslim
D. Tagalog

______28. Isa sa pinakamalawak na pagbabago sa Pilipinas sa pagsakop ng mga Espanyol ay____

A. Kristiyanismo
B. pagbabago sa pananalita
C. pagbabagong Kultural at istilo ng pamumuhay
D. pagmamalupit at pagmamalabis ng mga Espanyol

______29. Sa panahon ng pananakop ng mga Espanyol nagkaroon ng pagbabago sa antas ng lipunan na kung saan ang datu ay naging ______?

A. Alcaldia
C. Corregidor
B. Cabeza de barangay
D. Gobernador heneral

______30. Ilan taon ang pagsako ng mga Espanyol sa Pilipinas?

A. mahigit 100 taon
C. mahigit 300 taon
B. mahigit 200 taon
D. mahigit 400 taon

______31. Saan ginagamit ang ikalawang palapag ng tahanan sa bahay na bato?

A. Ito ay ginagamit bilang silid tulugan at kusina.
B. Ito ay ginagamit bilang imbakan ng bigas at gamit sa pagsasaka.
C. Ito ay ginagamit bilang imbakan ng mga lumang kagamitan sa tahanan.
D. Ito ay ginagamit bilang imbakan ng mais, bulak at kopra.

______32.Ano ang nagtulak sa mga Espanyol upang baguhinang estilo ng arkitektura sa Pilipinas?

A. Dahil masyado maliit ang tahanang para sa mga mamayang Filipino.
B. Dahil ginawa itong imbakan ng bigas at iba pang kagamitan sa pagsasaka.
C. Dahil nais ng mga Espanyol na maging kaakit akit tignan ang tahanan ng mga Filipino.
D. Dahil sa mga salik tulad ng mainit na klima, malimit na paglindol at pagbagyo at likas na matatagpuan sa bansa.

_______33.Alin sa mga sumusunod na mga pahayag ang pagkakaiba ng katayuan ng kababaihan noon at sa panahong kolonyal?

A. Mataas ang pagtingin ng kababaihan noon at sa panahon ng Espanyol.
B. Mas mababa ang pagtingin ng kababaihan noon at sa panahon ng Espanyol.
C. Walang pagkakaiba ang kalagayan ng mga kababaihan noon at sa panahong kolonyal.
D. Hindi binigyang-halaga ang kababaihan sa lipunan noon at sa panahon Espanyol.

_______34.Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pagpapabuti ng katayuan ng kababaihan?

A. Limitado ang ibinigay na kasanayan sa kababaihan.
B. Pangalagaan ang karapatan ng kababaihan
C. Higit na kilalanin ang kakayahan ng kalalakihan.
D. Tumanggap ng posisyon maliban sa pinakamataas na pinuno.

_______35. Alin sa mga sumusunod ang naglalarawan ng pananamit ng mga Pilipino sa panahong kolonyal?

A. Nagsusuot ng kangan at bahag ang mga kalalakihan.
B. Nagsusuot ng baro't saya na naging kimona ng kababaihan.
C. Magkatulad ang disenyo ng kasuotan ng mga katutubo noon at sa panahong kolonyal.
D. Walang kaugnayan ang pananamit ng mga Filipino noon at sa panahon ng Espanyol.

_______36. Alin sa mga pagbabagong kultural noong panahon ng Espanyol ang nananatili pa rin sa kasalukuyan ?

A. Yari sa bato ang tirahan.
B. May mga paaralang parokya parin.
C. Karaniwang nagsusuot ng kimono ang kababaihan.
D. Nagluluto ng *menudo, afritada, at mechado* ang mga Filipino.

_______37. Paano naimpluwensyahan ng kristiyanismo ang kultura ng mga Filipino?

A. Lahat ng pagbabago sa kultura ay batay sa Kristiyanismo.
B. Naging malayang maniwal ang mga Pilipino sa mga anito, rebulto at kalikasan
C. Walang pagbabagong naganap dahil nakalimutan na ng mga Filipino ang kanilang itinuro.
D. Hindi naimpluwensyahan ang mga Pilipino sapagkat ipinagpatuloy nila ang paniniwala paganism.

_______38. Ano ang patunay na nagbago ang kalagayang pampolitika ng mga sinaunang Filipino sa panahong kolonyal?

A. Ang *Poblacion del Gobernador* ay ipinagawa sa panahong iyon.
B. Ang datu at gobernador –heneral ang pinakamataas na opisyal ng pamahalaan
C. Pinangasiwaan ang mga Filipino sa ilalim ng pamahalaang sentral at lokal.
D. Ang mga katutubong Filipino ang humahawak sa pinakamataas na posisyon

_______39. Ano ang nagging epekto ng kolonyalismo sa larangan ng politika ng mga Filipino?

A. Ang gobernador-heneral ang pinakamakapangyarihang pinuno na nasa kolonya.
B. Hindi gaanong naapektuhan ng kolonyalismo ang mga Filipino sa panahon ng pananakop.
C. Higit na naapektuhan ang mga Espanyol dahil sa pagtutol ng mga Pilipinong mamahala sila,
D. Nawalan ng kapangyarihan mamahala ang mga katutubong Filipino at napasailalim ng idolong kahoy at imahen ng anito.

_______40. Ano ang kaugnayan ng *falla* sa *polo y servicio*?

A. Inabuso ng mga opisyal ng pamahalaan ang sistema ng transportasyon at komunikasyon.
B. Ang polo y servicio ay tatagal lamang ng 40 araw na sapilitang pagtratrabaho.
C. Hindi malinaw ang kaugnayan ng falla sa polo y servicio bilang isang patakarang pang-ekonomiko.
D. Ang falla ang ibinabayad sa pamahalaan upang makalibre sa paglilingkod ang isang polista sa sapilitang paggawa

_______41. Ang mga pahayag ay tumutukoy sa pagbabagong kultural ng mga Filipino sa panahong kolonyal maliban sa____?

A. Itinuro sa lahat ng katutubo ang wikang Spanish.
B. Binago ang paraan ng pagpapangalan sa mga Filipino.
C. Binigyang priyoridad ang kalalakihan sa kanilang pag-aaral sa kolehiyo.
D. Ginawang matibay ang mga estraktura tulad ng simbahan, gusaling pampamahalaan, at mga tirahan.

_______42. Ano ang naghikayat sa mga Espanyol na sakupin ang Cordillera?

A. Ito ay sentro ng kalakalan sa mundo.
B. Mga deposito ng ginto na taglay ng Cordillera
C. Sa taglay nitong likas na yaman tulad ng mga isda.
D. Mga armas na itinatago ng mga Igorot sa Cordillera.

_______43. Ano ang naging tugon ng mga Muslim sa Mindanao sa tangkang pananakop sa kanila ng mga Espanyol?

A. Nag-alsa ang mga Muslim laban sa pamamalakad ng Espanyol
B. May mahigit sa anim nadigmaan na sumiklab sa pagitan ng Espanyol at Muslim.
C. Nagkaroon ng digmaan na kalaunan ay natalao lamang ang mga Muslim sa labanan.
D. Sa mga nag-alsang katutubong nanirahan sila sa kabundukan at ipinagpatuloy ang kanilang paniniwala.

_____44. Alin sa mga sumusnod ang hindi naging epekto ng kolonyalismong Espanyol sa pagkakakilanlan ng mga Filipino?

A. Pangalawang uri ang mga Mestizo
B. Pinakamataas na uri ang mga Espanyol
C. Pinakmababang uri ang mga katutubo
D. Pinakamataas ang mga Principalia

_____45. Alin sa mga sumusunod ang hindi dahilan ng mga Muslim sa hindi pagpapasakop sa mga Espanyol?

A. Ayaw ng mga Muslim na mawalan ng kalayaan namamuhay.
B. Ayaw ng mga Muslim na ibigay ang kanilang kayamanan.
C. Ang mga Muslim ay naniniwala sa kapangyarihan ng sultan.
D. Hindi nais ng mga Muslim na mabago ang kanilang paniniwala kay Allan na kanilang diyos.

_____46. Alin sa mga sumusunod na mga kapangyarihan ng gobernador-heneral ang hindi taglay ng pangulo ng Pilipinas sa kasalukuyan?

A. Siya ang nagpapatupad ng mga batas.
B. Siya ang pinakamataas na pinuno ng bansa.
C. Siya ay maaring manirahan sa Malacanang Palace.
D. Siya ang pangulo ng kataas-taasang hukuman ng Pilipinas.

_____47. Nakatulong bas a mga Filipino ang mga pagbabagong panlipunan atpangkultura upang mapabuti ang kanilang pammuhay?

A. Oo, Dahil maraming Filipino ang nakaranas ng kasaganahan sa buhay.
B. Hindi, dahil pawing mga Espanyol laman ang tanging yumaman sa buhay.
C. Hindi, dahil mga kalalakihan na anak ng principalia aman ang mga nakapag-aral.
D. Oo, ito ay nakatulong upang baguhin ang uri ng pamumuhay at kultura ng mga Filipino.

______48. Nakabuti ba ang kalakalang galyon sa kalagayang pangkabuhayan ng mga Filipino?

A. Oo, dahil maramingprodukto mula sa Mexico at Spain ang dumating sa Pilipinas.
B. Hindi maraming sa mga Pilipino ang nakadanas ng hirap sa paglalayag ng galyon.
C. Hindi dahil ang mga Espanyol lamang at hindi Filipino ang tuwirang nakilahok sa kalakalan
D. Oo, dahil pinaunlad nito ang kultura ng mga Filipino ng mga Filipino dahil sa mga produktong tinangkilik mula sa Mexico.

______49. Kung ikaw ang opisyal ng pamahalaang kolonyal, ipatutupad mo ba ang sistemang bandala?

A. Oo, malaki ang kikitain ng sa ipagbibiling ani.
B. Oo, mabuti ang sapilitang pagbibili ng pamahalaan ng ani ng magsasaka.
C. Hindi,makakalaban nito ang iba pang pinagkikitaan ng pamahalaan.
D. Hindi, walang karapatan ang mga magsasaka naipagbili ang ani sa ibang mangangalakal.

_____50. Bakit mas katanggap-tanggap sa Muslim ang sultanato sa Mindanao kaysa kolonya ng mga Espanyol?

A. Nais nilang kilalanin ang kapangyarihan ng hari.
B. Papalitan ang kakaibang relihiyon ang sultanato sa ilalim ng kolonya.
C. Higit na nakasanayan ng mga Muslim ang sultanato kaysa kolonya.
D. Hindi pananakop at walang pwersahan sa pagsunod ang mga Muslim sa kapangyarihan ng sultan.

***Goodluck and God Bless***

THIRD QUARTER BUDGET OF WORKS IN ARALING PANLIPUNAN 5

| CODE | | Pamantayan sa Pagkatuto | Bilang ng araw | Petsa ng pagtuturo |
|---|---|---|---|---|
| | **Yunit 3** | Pagbabagong kultural sa pamahalaang kolonyal ng mga Espanyol | | |
| **AP5KPK-IIIa-1** | Aralin 1 | Nasusuri ang mga pagbabago sa panahon ng mga Pilipino sa panahon ng mga Espanyol (ie pagkakaroon ng organisadong poblasyon, uri ng tahanan, nagkaroon ng sentrong pamanyanan at ba pa.) | 6 | November 2, 3, 6, 7, 8, 9 |
| **AP5KPK-IIIb-2** | Aralin 2 | Napaghahambing ang antas ng katayuan ng mga Pilipino sa lipunan bago dumating ang mga Espanyol at sa panahon ng kolonyalismo<br>2.1 Napaghahambing ang tradisyunal at di-tradisyunal na papel ng babae sa lipunan ng sinaunang Pilipino at sa panahon ng kolonyalismo.<br>2.2 Natatalakay ang pangangailangan sa pagpapabuti ng katayuan ng mga babae. | 5 | November 10, 13,14,15,16 |
| **AP5KPK-IIIc-3** | Aralin 3 | Nasusuri ang pagbabago sa kultura ng mga Pilipino sa panahon ng Espanyol.<br>3.1 Naipapaliwanag ang impluwensya ng kulturang Espanyol sa kulturang Pilipino<br>3.2 Natatalakay ang bahaging ginampanan ng kristiyanismo sa kultura at tradisyon ng mga Pilipino<br>3.3 Nasusuri ang ginawang pag-aangkop ng mga Pilipino sa kulturang ipinakilala ng Espanyol | 7 | November 17,20,21,22,23,24 27 |
| **AP5KPK-IIIe-4** | Aralin 4 | Nasusuriang mga pagbabagong pampulitika at ekonomiya na ipinatupad ng kolonyal na pamahalaan.<br>4.1 Naipaghahambing ang istraktura ng pamahalaang kolonyal sa uri ng pamahahala ng mga sinaunang Pilipino<br>4.2 Naipaghahambing ang Sistema ng kalakalan ng mga sinaunang Pilipino at sa panahon ng kolonyalismo.<br>4.3 Natatalakay ang epekto ng mga pagbabago sa pamamahala ng mga Espanyol sa mga sinaunang Pilipino. | 6 | November 28, 29<br>December 1,4,5,6 |
| | | Nakapagbibigay ng sariling pananaw tungkol sa naging epekto ng | 6 | December |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **AP5KPK-IIIf-5** | Aralin 5 | kolonyalismo sa lipunan ng sinaunang Pilipino. | | 7,12,13,14,15,18 |
| **AP5KPK-IIIg-6** | Aralin 6 | Naipapaliwanag ang di matagmpay na pananakop sa mga katutubong pangkat ng kolonyalismong Espanyol.<br>6.1 Nasusuri ang mga paraang armado ng pananakop ng mga Espanyol<br>6.2 Natatalakay ang iba't-ibang reaksyon ng mga katutubong pangkat sa armadong pananakop.<br>6.3 Natatalakay ang mga isinagawang rebelyon ng mga katutubong pangkat.<br>6.4 Natataya ang sanhi at bunga ng mga rebelyon at iba pang reaksyon ng mga katutubong Pilipino sa kolonyalismo.<br>6.5 Nakbuo ng konklusyon tungkol sa mga dahilan ng di matagumpay na armadong pananakop ng mga Espanyol sa ilang piling katutubong pangkat. | 5 | December 19,20,21<br>January 2, 3 |
| **AP5KPK-IIIi-7** | Aralin 7 | Nasusuri ang epekto ng kolonyalismong Espanyol sa pagkabansa at pagkakilanlan ng mga Pilipino. | 5 | January 4,5,8,9,10 |

Answer Key

| | |
|---|---|
| 1. B | 26.A |
| 2 .A | 27.B |
| 3. B | 28.A |
| 4. B | 29.B |
| 5. D | 30.C |
| 6. A | 31.A |
| 7. B | 32.D |
| 8. C | 33.B |
| 9. A | 34.B |
| 10. B | 35.B |
| 11. B | 36.D |
| 12. D | 37.A |
| 13. D | 38.C |
| 14. D | 39.C |
| 15. A | 40.D |
| 16. A | 41.D |
| 17. C | 42.B |
| 18. B | 43.B |
| 19. B | 44.D |
| 20. A | 45.B |
| 21. D | 46.D |
| 22. A | 47.D |
| 23. A | 48.C |
| 24. D | 49.D |
| 25. D | 50.D |